

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Countdown to Collision sa Brampton!

BRAMPTON, ON (Mayo 13, 2022) – Ang Economic Development Office (EDO) ng Brampton ay excited na mag-host ng [Countdown to Collision](#) sa Miyerkules, Mayo 18 mula 6 hanggang 10 p.m. sa The Rose Brampton.

Nangunguna papunta sa Collision Conference sa Toronto, ang Brampton ay napili bilang isa sa anim na lungsod sa Canada upang mag-host ng personal na event para buuhin ang antisipasyon at ipagsama ang tech ecosystems bago ang kumperensya sa Toronto mula Hunyo 20 hanggang 23.

Ang libreng Countdown na ito sa Collision event ay magtatampok sa isang fireside chat kasama si Isaac Olowolafe Jr., at isang keynote address mula kay Wes Hall na susundan ng isang resepsyon at pagkakataon sa networking kasama ang mga miyembro ng start-up na komunidad ng Brampton.

Si [Isaac Olowolafe Jr.](#) ay ang Tagapagtatag at General Partner ng Dream Maker Ventures (DMV), isang early-stage venture firm na nasa Toronto. Siya ay isa ring award-winning real estate entrepreneur, angel investor at pilantropo. Si [Wes Hall](#) ay ang Tagapagtatag at Chairman ng The Canadian Council of Business Leaders Against Anti-Black Systemic Racism at ng BlackNorth Initiative. Si Hall din ang pinakabagong kasapi ng Dragon's Den, na naghahatid sa taon ng kahusayan nito sa mga pagsasanib at pagkakamit sa den at sa mga negosyante sa hinaharap ng Canada.

Ang [Collision](#) ay ang pinakamabilis na lumalaking tech conference sa North America, pinagsasama ang “pinaka-mahuhusay na tagapagsalita sa mundo”, ang nangungunang mga kumpanya sa teknolohita ng mundo, at nangungunang media. Ito ang pangatlong pagkakataon na sasali ang Lungsod ng Brampton sa pandaigdigang event. Noong 2021, nakisali ang Economic Development Office sa birtwal ba kumperensya upang ipakita ang Lungsod ng Brampton sa 38,000 kalahok online at 1,200 start-ups sa 141 bansa, mula Brazil hanggang India, hina-highlight ang Innovation District ng Brampton at ipino-promote ang Brampton BHive sa isang pandaigdigang audience. Noong 2019, ang mga kinatawan mula sa Lungsod ay nagbiyahe papunta sa Lisbon, Portugal para makilahok sa Web Summit upang ipaalam sa 70,000 kalahok na ang, “Brampton ay Ngayon”, hina-highlight ang unique na mga pagkakataon ng pamumuhunan sa pandaigdigang sukat.

Huwag kaligtaan ang Countdown to Collision sa Brampton! [Mag-register dito](#) para sa libreng event sa Mayo 18 sa The Rose Brampton. Para malaman ang iba pa tungkol sa Lungsod ng Brampton sa Collision 2022 bisitahin ang [investbrampton.ca/collision-2022](#).

Brampton Innovation Mobile

Dinadala ang EDO sa mga kalye! Sa panahon ng Countdown to Collision excited ang team na ipakita ang bago, ganap na natatakpang Brampton Transit bus na hindi lamang tutulong sa pagtaguyod sa Innovation District at hanay ng mga resource na pwedeng gamitin ng mga star-up sa Brampton, mga tagapagtatag at mga negosyante, ngunit tutulong din na masuportahan ang mga inisyatiba sa lokal na outreach.

Mga Quote

“Ang Countdown to Collision ay narito! Matapos ang matagumpay na pagpapalabas sa Collision sa nakaraang taon, handa na tayong bumalik sa taon na ito para ipakita sa mundo kung ano ang meron sa Brampton. Nasa mabilis na daan tayo para maging nangungunang hub ng teknolohiya sa Canada, at ipinagmamalaki natin na maging isa sa anim na lungsod lamang na napiling magpapasimula sa iba na namang kapana-panabik na taon sa Collision.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad kung saan – may mga resource na tulad ng ating Innovation District at BHive – ang ating mga negosyante at start-up ay pwedeng umasenso, Hinihikayat ko ang lahat na mag-register para sa Countdown to Collision para maging inspired sa kung ano ang naghihintay sa kinabukasan at upang maghanda para sa Collision Conference sa kalaunan sa Hunyo.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang Countdown to Collision ay gumagawa ng daan sa buong Canada para sa pangunahing event sa taon na ito at hihinto sila dito mismo sa Brampton, dahil ito ang lugar para sa inobasyon, mga ideya at pagkakataon. Kunin ang iyong libreng mga ticket ngayon at ma-inspire kina Wes Hall, Isaac Olowolafe Jr. at sa mismong mga start-up superstar ng Brampton.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1at 5; Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Proud na hino-host ng Lungsod ng Brampton sina Wes Hall, Isaac Olowolafe Jr. at ang Countdown to Collision event. Ang ating Economic Development Office ay nakahandang ipakita sa mundo na ang Brampton ay isang major player sa pangnegosyong espasyo, at matapos ang tagumpay ng Collision 2021, hindi na ako makapaghintay na makita kung ano ang meron sa event ng taon na ito.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*



Media Release

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca